

## Frequently Asked Questions (FAQs)

# Paghahain ng Reklamo sa Equal Employment Opportunity (EEO)

### **ANO ANG REKLAMONG EQUAL EMPLOYMENT OPPORTUNITY (EEO)?**

Ang reklamong EEO ay isang reklamo na nag-aangkin ng diskriminasyon o panliligalig batay sa mga katangiang protektado ng pederal na batas, batas ng estado, o ordinansa ng Lungsod.

### **ANO ANG ILANG MGA KARANIWANG SULIRANIN NA TINUTUGUNAN NG DEI OFFICE?**

Adverse Work Assignments, Unequal Compensation, Disciplinary Action, Harassment o Panliligalig, Sexual Harassment, Termination, Denial of Employment, Denial of Promotion, Denial of Training, Denial of Reasonable Accommodation, at Retaliation o Paghihiganti.

### **ANO ANG MGA HALIMBAWA NG PROTEKTADONG KATANGIAN?**

- Sex, Sexual Orientation, Gender, Gender Identity, Gender Expression
- Race, Color, National Origin, Ancestry
- Religion
- Physical Disability, Mental Disability, HIV/AIDS Status, Medical Condition (nauugnay sa kanser, may kasaysayan ng kanser, o genetic characteristics), Genetic Information
- Edad (Lagpas 40 anyos)
- Marital Status, Parental/Caregiver Status
- Military or Veteran Status, Political Affiliation
- Height, Weight

### **ANO ANG RETALIATION O PAGHIHIGANTI?**

Nangyayari ang retaliation o paghihiganti kung ikaw ay nagpartisa sa protektadong aktibidad at ang iyong employer ay nagsagawa ng aksyon sa trabaho laban sa iyo katulad ng terminasyon sa trabaho, re-assignment, pagkawala ng suweldo, non-selection, atbp. Kasama sa protektadong aktibidad ang sumusunod: pag-uulat o paghahain ng reklamo sa diskriminasyon; sumasalungat na pag-uugali na makatwirang pinaniniwalaan na diskriminasyon, panliligalig, o paghihiganti; pagtulong sa pagsisiyasat ng isang reklamo sa diskriminasyon o demanda; pagkuha ng protektadong pagliban tulad ng FMLA; o paghiling ng akomodasyon para sa isang kapansanan o isang gawaing may kaugnayan sa iyong relihiyon.

**IKAW AY PROTEKTADO MULA SA PAGHIHIGANTI KUNG IKAW AY NAGPARTISA SA PROTEKTADONG GAWAIN. KUNG NANINIWALA KA NA IKAW AT NAKARARANAS NG PAGHIHIGANTI, MANGYARING MAKIPAG-UGNAYAN KAAGAD SA OPISINA NG DIVERSITY, EQUITY AND INCLUSION.**

## PAANO KO MALALAMAN KUNG ANG AKING REKLAMO AY BATAY SA ISANG PROTEKTADONG KATANGIAN?

Ang iyo bang karanasan ay naaangkop sa pahayag sa ibaba? If you can complete this statement, you have an EEO complaint. Kung iyong makumpleto ang pahayag na ito, mayroon kang reklamo sa EEO. "Naniniwala ako na ako ay (*tingnan ang mga karaniwang suliranin sa itaas*) dahil sa aking (*tingnan ang mga protektadong katangian sa itaas*)."*Halimbawa, naniniwala ako na ipinagkaila sa akin ang promosyon dahil sa aking lahi.*

## PAANO KUNG ANG AKING REKLAMO AY HINDI BATAY SA PROTEKTADONG KATANGIAN?

Kung ang hindi pagkakasundo sa lugar ng trabaho ay hindi batay sa isang protektadong katangian, ang iyong reklamo ay maaari pa ring tugunan ng Employee Labor Relations (ELR).

## PAANO AKO MAGSASAMPA NG REKLAMONG EEO?

Maaari kang maghain ng reklamong EEO sa DEI Office ng Airport o kaya sa Department of Human Resources (DHR). Maaari kang magsumite ng nakasulat na reklamo sa DEI Office, mag-email sa DEI Office, o tumawag sa DEI Office para maghain ng reklamo. Kailangan na isama sa iyong salaysay ng reklamo ang iyong (1) pangalan, address, at numero ng telepono; (2) ang batayan ng iyong reklamo (i.e., lahi, relihiyon, atbp.) (3) ang di-umanong diskriminasyon, panliligalig, o paghihiganting aksyon (i.e., pagtanggì sa trabaho, pagtanggì ng makatwirang akomodasyon, terminasyon, atbp.); (4) ang petsa kung kailan naganap ang di-umanong aksyon at ang kaugnay na pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari; at (5) ang mga pangalan ng mga indibidwal na akusado.

Airport's DEI Office	DHR EEO Office
(650) 821-3596 <a href="mailto:SFO.DEI@flysfo.com">SFO.DEI@flysfo.com</a>  International Terminal, G-side, Level 4, Suite I-4-27  Walk-In Hours of Operation: Lunes hanggang Biyernes 8:00 am – 5:00 pm	Tawagan ang mga sumusunod na numero: (415) 557-4900 (415) 557-4810 (TTY) <a href="mailto:DHR-EEO@sfgov.org">DHR-EEO@sfgov.org</a>  Address ng Liham: Attention: EEO Division 1 South Van Ness, 4th Floor San Francisco, CA 94103  Walk-In Hours of Operation: Lunes hanggang Biyernes 8:00 am - 5:00 pm

## KAILAN AKO DAPAT MAGSASAMPA NG AKING REKLAMO?

Dapat ihain ang mga reklamo sa loob ng 180 araw sa kalendaryo mula sa petsa ng di-umano'y diskriminasyong aksyon, panliligalig, o paghihiganti, o ang petsa na una mong nalaman ang isyu. Kung ang isang reklamo ay hindi naihain sa loob ng 180-araw sa kalendaryo na deadline, ito ay magiging time-barred o mababawasan ng oras, at ang DEI Office ay hindi makakapag-imbestiga.

## MAARI BA AKONG MANATILING HINDI NAGPAPAKILALA?

Hindi, kapag nagsimula na ang pagsisiyasat, ipapaalam sa akusado ang iyong mga paratang. Kahit na sa huli ay magpasya kang bawiin ang iyong reklamo, kung ang mga paratang ay malubha, ang DEI Office ay magpapatuloy sa pagsisiyasat. Gayunpaman, maaari kang mag-ulat ng isang reklamo nang hindi nagpapakilala kung naniniwala ka na ang isang tao maliban sa iyong sarili ay nakakaranas ng diskriminasyon, panliligalig, o paghihiganti.

## **ANO ANG MANGYAYARI PAGKATAPOS KONG MAGSASAMPA NG REKLAMO SA DEI OFFICE?**

Hihilingin sa iyong lumahok sa isang panayam ng isang Airport EEO Investigator. Kung matukoy na isang pagsisiyasat ay kinakailangan, ang DEI Office ay kakapanayamin ang mga testigo, mga respondente, at susuriin ang mga nauugnay na dokumento. Maaaring makapanayam ka ng DEI Office nang higit sa isang beses kung kailangan ng karagdagang impormasyon, o upang tumugon sa impormasyong nakuha sa panahon ng pagsisiyasat.

## **GAANO KATAGAL ANG IMBESTIGASYON?**

Inaasahang matatapos ang mga imbestigasyon sa loob ng 180 araw. Depende sa kung gaano kakumplikado ng reklamo, ang mga pagsisiyasat ay maaaring lumampas sa 180 araw.

## **SINO ANG MAG-IIMBESTIGA?**

Ang DEI Office ay mag-iimbestiga, ngunit sa huli ang resulta ng pagsisiyasat ay ginagawa ng Department of Human Resources (DHR).

## **MAARI KO BANG IAPELA ANG DESISYON?**

Oo, kung hindi ka nasisiyahan sa desisyon, maaari kang mag-apela sa loob ng 30 araw sa Civil Service Commission.

## **ANO ANG MANGYAYARI SA AKUSADONG RESPONDENTE?**

Kung may nakitang pabor sa iyo, gagawa ng naaangkop na aksyon para maging buo ka. (Para gawing buo ang ibig sabihin ng pagbibigay ng makukuha mo sana kung hindi nangyari ang maling pag-uugali.) Ang akusadong respondente ay aabisuhan ng mga natuklasan at ang nararapat na aksyon ay gagawin laban sa kanila.

## **MAAARI KO BANG MALAMAN KUNG ANONG AKSYON ANG GINAWA?**

Para sa pribadong dahilan, hindi ipagbibigay-alam sa iyo ang aksyon na ginawa laban sa respondente. Ang Lungsod ay may progresibong proseso ng disiplina na sinusunod nito.

## **MAWAWALAN BA NG TRABAHO ANG RESPONDENTE?**

Malamang na hindi, maliban kung ang mga paratang ay napakalubha. Ang Lungsod ay sumusunod sa isang progresibong proseso ng pagdidisiplina.

## **MAARI BA AKONG MAG-FILE SA IBA?**

Oo, maaari ka ring direktang maghain ng reklamo sa DHR, Equal Employment Opportunity Commission (EEOC), at California Civil Rights Department (CRD). Maaari kang mag-file anumang oras sa EEOC, CRD, o pareho, anumang oras kahit na nakapag-file ka na sa DEI Office o sa DHR. Bukod pa rito, maaari kang maghain ng iyong reklamo sa iyong Unyon (kung kinakatawan).

<b>Federal Government (EEOC)</b>	<b>State Government (CRD)</b>	<b>Iyong Unyon (if applicable)</b>
Link: <a href="https://www.eeoc.gov/">https://www.eeoc.gov/</a> Ang mga reklamo ng diskriminasyon sa trabaho, panliligalig, o paghihiganti ay maaari ding ihain sa U.S. Equal Employment Opportunity Commission (EEOC).	Link: <a href="https://calcivilrights.ca.gov/">https://calcivilrights.ca.gov/</a> Ang mga reklamo ng diskriminasyon sa trabaho, panliligalig, o paghihiganti ay maaari ding isampa sa California Civil Rights Department.	Maaaring piliin ng mga empleyado na magsampa ng mga reklamo ng diskriminasyon, panliligalig, at paghihiganti sa pamamagitan ng grievance process na nakabalangkas sa naaangkop na MOU. Dapat makipag-ugnayan ang mga empleyado sa kanilang unyon para sa higit pang mga detalye.